## Seksyon 4 - Mga benepisyo at serbisyo

# Mga benepisyo sa Medi-Cal na saklaw ng Anthem

## Mga serbisyo para sa outpatient (ambulatoryo)

***Pinalitan ang Programa ng Pansamantalang Dagdag na Pagpapalawig ng Pangangalaga Matapos Manganak (Provisional Postpartum Care Extension) ng bagong Programa ng Dagdag na Pagpapalawig ng Pangangalaga Matapos Manganak (Postpartum Care Extension).***

## Ang Programa ng Dagdag na Pagpapalawig ng Pangangalaga Matapos Manganak

Nagbibigay ang Programa ng Dagdag na Pagpapalawig ng Pangangalaga Matapos Manganak ng pinalawig na saklaw para sa mga miyembro ng Medi-Cal sa panahon ng parehong pagbubuntis at pagkatapos ng pagbubuntis.

Pinapalawig ng Programa ng Dagdag na Pagpapalawig ng Pangangalaga Matapos Manganak ang saklaw ng Anthem nang hanggang sa 12 buwan pagkalipas ng katapusan ng pagbubuntis anuman ang kita, pagkamamamayan, o katayuan sa imigrasyon at walang karagdagang aksyong kinakailangan.

## Rapid Whole Genome Sequencing

Ang Rapid Whole Genome Sequencing (rWGS), kabilang ang indibidwal na sequencing, tatluhang sequencing para sa magulang o mga magulang at kanilang sanggol, at ultra-rapid sequencing, ay isang saklaw na benepisyo para sa sinumang miyembro ng Medi-Cal na isang taong gulang pababa at tumatanggap ng mga serbisyo ng ospital para sa inpatient sa isang intensive care unit. Ang rWGS ay isang umuusbong na pamamaraan ng pag-diagnose sa mga kondisyon sa takdang panahon para makaapekto sa pangangalaga sa ICU ng mga batang isang taong gulang pababa. Kung kwalipikado ang iyong anak para sa California Children’s Services (CCS), maaaring responsibilidad ng CCS ang pagsaklaw sa pananatili sa ospital at sa rWGS.